# أذكار



# ATHKAAR

## MGA PANALANGIN SA ARAW ARAW MULA SA QUR-AN AT SUNNAH

*Isinulat ni*
Muhammad S. Al-Mohanna

Isinalin sa Wikang Pilipino – Tagalog ni
Umm Abdullah Hiyam Bint Ahmad J.

# أذكار

# ATHKAAR

## MGA PANALANGIN SA ARAW ARAW MULA SA QUR-AN AT SUNNAH

*Isinulat ni*
Muhammad S. Al-Mohanna

Isinalin sa Wikang Pilipino – Tagalog ni
Umm Abdullah Hiyam Bint Ahmad J.

May mga binibigkas na mga Dhikr sa bawat okasyon na atina ginagawa sa araw araw. Sa leberatong ito ay pinili namin ang pinaka madali at mainam, base sa Qur-an at Sunnah. Ang paggunita sa Allah ay isa sa pinaka mahalagang bahagi ng pagsamba at pinaka tamang gawa na kinakailangan gawin natin palagi. Huwag ninyong lemetahin ang inyong sarili sa paggunita sa Allah sa bawat oras at okasyon.

## Mga Dhikr sa umaga at gabi

(١) اللهم بك أصبحنا وبك أمسينا، وبك نحيا

وبك نموت واليك النشور.

Allahumma bika asbahna wabika amsayna, wabika nahya, wabika namootu wa-ilaykan-nushoor. ( kung sa umaga)

Allahumma bika amsayna wabika asbahna, wabika nahya, wabika namootu wa-ilayka

almaseer. (kung sa gabi)

O Allah; dahil sa Iyong kapahintulutan ay inabot namin ang umaga, at mula sa Iyong kapahintulutan ay narating namin ang gabi, at mula sa Iyong kapahintulutan sa Iyo kami nabubuhay at mamamatay at sa Iyo rin kami mabubuhay muli.

(٢) اللهم أنت ربي لا إله إلا أنت ، خلقتني و أنا عبدك و أنا على عهدك ووعدك ما استطعت، أعوذ بك من شر ما صنعت ، أبوء لك بنعمتك علي وأبوء بذنبي فاغفر لي فإنه لا يغفر الذنوب إلا أنت.

Allahumma anta rabbee la ilaha illa ant, khalaqtanee wa-ana A`bduk, wa-ana A`ala A`ahdika wawaA`dika mas-tataA`t, aU`oothu bika min sharri ma sanaA`t, aboo-o laka biniI`matika A`alay, wa-aboo-o bithanbee, fagfir lee fa-innahu la yagfiruth-thunooba illa ant.

O Allah, Ikaw ang aking Panginoon walang

diyos na nararapat sambahin maliban sa Iyo. Ako ay Iyong nilikha at ako ay Iyong alipin at ako ay sumusunod sa Iyong kautusan at ipinangangako kung gagawin sa abot ng aking makayanan. Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking mga gawa. Tinatanggap ko ang Iyong biyaya sa akin at inaamin ko ang aking mga kasalanan, kaya patawarin Mo ako,dahil walang makakapagpatawad sa akin maliban sa Iyo.

(٣) أعوذ بكلمات الله التامة من شر ما خلق.

(٣ مرات في المساء)

aA`ootho bikalimatil-lahit-tammati min sharri ma khalaq. ( 3 ulit sa umaga )

Ako ay nagpapakupkop sa ganap na mga salita ng Allah mula sa kasamaan ng Kanyang nilikha. ( 3 ulit sa umaga)

(٤) بسم الله الذي لا يضر مع اسمه شيء في الأرض

ولا في السماء وهو السميع العليم. (ثلاثا)

Bismil-lahil-lathee la yadurru maA`ismihi shay-on fil-ardi wala fis-sama-I wahuwas-sameeU`l-A`leem ( 3 ulit.)

Sa Ngalan ng Allah, nasa Kanyang Pangalan ay walang mapipinsalang bagay dito sa lupa o sa mga kalangitan at Siya ang lubos na Nakakarinig at lubos na nakakabatid. (3 ulit)

(٥) رضيت بالله ربا و بالإسلام دينا و بمحمد صلى الله عليه وسلم نبيا. (٣ مرات)

Radeeto billahi rabban wabil-islami deenan wabi Muhammadin salla-llaho aliahi wasallama nabiyyan. (3 ulit)

Ikinalulugod ko na ang Allah ang aking Panginoon at Islam ang aking relihiyon at si Muhammad ang aking propeta. (3 ulit)

(٦) سبحان الله و بحمده عدد خلقه ، ورضا نفسه، وزنة عرشه ، ومداد كلماته. ( ثلاثا في المساء)

Subhanal-lahi wabihamdihi, A`adada khalqihi warida nafsih, wamidada kalimatih, (3 ulit sa hapon)

Kaluwalhatian sa Allah, sa Kanya ang lahat ng pagpupuri; kasing bilang ng kanyang mga nilikha, sa Kanyang kaluguran, sa bigat ng Kanyang Trono ( dakilang luklukan) at sa lawak ng naisulat ng Kanyang mga salita.

(٧) سبحان الله وبحمده (١٠٠ مرة)

Subhanal-lahi wabihamdih. ( 100 ulit)

Kaluwalhatian Sa Allah at sa Kanya ang lahat ng papuri. (100 ulit)

(٨) لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك و له الحمد ، وهو على كل شيء قدير. ( عشر مرات)

La ilaha illal-llah, wahdahu la shareeka lah, lahul-mulku walahul-hamd, wahuwa A`ala kulli shay-in qadeer. (10 ulit)

Walang ibang diyos maliban sa Allah na nag-iisa, Siya ay walang katambal sa Kanyang

pagmamamay-ari ng kanyang kamahalan, sa Kanya ang lahat ng kapurihan at Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay.

(٩) {قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ....} (١) سورة الإخلاص

(Qul huwa Allahu ahad, Allahu assamad, lam yalid wa lam youlad, wa lam uakun laho kufuwan ahad.) ( Surah Al-ihlas)

Ipagbadya (O Muhammad): Siya ang Allah, ang Nag-iisa. Ang Allah, ang Walang Hanggan, Ang sakdal at Ganap ang Maysariling Kasapatan, ang lahat ng mga nilalang ay umaasa sa Kanyang pagtaguyod)

(١٠) {قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ....} (١) سورة الفلق

(Qul aU`oothu birabbilfalaq, min sharri ma khalaq, wa min sharri ghasiqin itha waqab, wa min sharrinnafathati fil U`oqad, waminsharri hasidin itha hasad) ( Surah Al-falaq)

Ipagbadya: Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng Bukang Liwayway, Laban sa kasamaan ng mga nilalang, Laban sa

kasamaan ng gabi (kadiliman) kung ito ay lumalaganap, At laban sa kasamaan ng nagsagawa ng Karunungang itim (mga panggagaway), kung sila ay umiihip sa mga buhol (o nakabuhol), At laban sa kasamaan ng isang mainggitin habang siya ay naninibugho (sa pagkainggit)

(١١) ﴿ قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ.... ﴾

(Qul aU`oothu birabbinnas, malikinnass, ihahinnass, min sharril waswasil khannaas, alathi youwaswisu fi sudoorinnass, minaljinnati wannass.)

Ipagbadya: Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sangkatauhan, Ang Hari (o Tagapamahala) ng sankatauhan, Ang Panginoon ng sangkatauhan, Laban sa kasamaan ng isang bumubulong (ang dimonyo na bumubulong sa puso ng mga tao), na kagyat na lumilisan sa kanyang pagbulong (kung ang binubulongan ay nakaala-ala sa Allah), Na bumubulong sa puso at (dibdib) ng mga tao

(sangkatauhan), na kabilang sa mga jinn at mga tao.

## ( Mga Dhikr Bago Matulog)

(١٢) آمَـــنَ الرَّسُـــولُ بِمَـــا أُنـــزِلَ إِلَيْـــهِ مِـــن رَّبِّـــهِ وَالْمُؤْمِنُونَ... }

Amana arrasoolu bima unzila ilayhi min rabbihi walmu`minoon kullun aamana billahi wamala-I`katihi wakutubihi warusulihi la nufarriqu bayna ahadin min rusulihi waqaloo samiI`na wa ataA`na ghufranaka rabbana wa-ilaykalmaseer* La yukallifullahu nafsan illa wusA`aha laha ma kasabat waA`alayha maktasabat rabbana wala tahmil A`alayna isran kamahamaltahu A`ala allatheena min qablina rabbana wala tuhammilna ma la taqata lana bihi waA`fu A`anna wagfir lana warhamna anta mawlana fansurna A`ala alqawmi alkafireen.

Nananampalataya ang Sugo (Muhammad) sa

anumang ipinahayag sa kanya mula sa Kanyang Panginoon at ang mga mananampalataya, ang bawat isa ay nanampalataya sa Allah at sa Kanyang mga anghel at sa Kanyang mga kasulatan, at sa Kanyang mga sugo, kami ay hindi nagtuturing sa sinuman sa Kanyang mga sugo ng pagtangi-tangi at sila ay nagsabi: Kami ay nakinig at kami ay tumalima, O aming Panginoon, patawarin Ninyo kami, at sa Inyo kami ay magbabalik. Walang sinumang kaluluwa ang binigyan ng Allah ng pasanin na hindi niya kayang dalhin. Ito ay magtatamasa ng bawat kabutihan na kanyang nagawa at magdurusa rin naman sa bawat kasalanan kanyang nagawa (Magsipanalangin) " O aming Panginoon! Kami ay huwag Ninyong parusahan kung kami ay nakalimot o nasadlak sa kamalian, aming Panginoon, huwag Ninyong ipapasan sa amin ang pabigat na Inyong iniatang sa mga nangauna sa amin, aming Panginoon! Huwag

Ninyong iatang sa amin ang pabigat na higit sa aming makakaya. Patawarin Ninyo kami at pagkalooban kami ng pagpapatawad. Kami ay Inyong kahabagan. Kayo ang aming Tagapangalaga, at gawaran Ninyo kami ng tagumpay laban sa mga taong hindi sumasampalataya.

( ١٣ ) آية الكرسي:

Allahu la ilaha illa huwa alhayyu alqayyoom la ta`khuthuhu sinatun wala nawm lahu ma fi assamawati wama fi al-ard man thallathee yasfa`Uu I`indahu illa bi-ithnih yaA`lamu ma bayna aydeehim wama khalfahum wala yuheetoona bishay-in min I`ilmihi illa bima shaa` wasiA`a kursiyyuhu assamawati wal-ard wala yaooduhu hifthuhuma wahuwa alA`liyyu alAa`theem.

Ang Allah wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsanba maliban sa Kanya, ang May Walang Hanggang Buhay, ang may Walang Hanggang Kapangyarihan,

ang tagapanustos at nangangalaga ng lahat ng nilalang, ang antok at pagkaidlip ay hindi maaring makapanaig sa Kanya, Siya ang Nag-aangkin ng lahat ng bagay sa mga kalangitan at kalupaan. Sino kaya baga ang makapamagitan sa kanya maliban Kanyang pahintulutan? Talastas Niya kung ano ang nangyayari sa Kanyang mga nilikha sa mundong ito ( noon, pagkaraan, ngayon, bukas, sa kanilang harapan at sa kanilang likuran), at ang kanilang kasapitan sa Kabilang Buhay. At sila ay hindi makakapagtamo ng anuman sa karunungan maliban sa Kanyang naisin. Ang Kanyang Kursi ( Luklukan) sumasaklaw sa mga kalangitan at kalupaan, at Siya ay hindi napapagal sa pagbabantay at pagpapanatili sa kanila. At Siya ang kataas-taasan, ang pinakadakila.

(١٤) باسمك اللهم أموت و أحيا.

Bismikal-lahumma amootu wa-ahya.

Sangalan ng Allah, ako ay mamamatay at

mabubuhay sa Iyo.

(١٥) اللهم قني عذابك يوم تبعث عبادك.

Allahumma qinee A`athabaka yawma thab-A`athu I`ibaadaka.
O Allah, iligtas Mo ako mula sa Iyong mga kaparusahan sa araw ng Iyong bubuhayin muli ang Iyong mga alipin.

(١٦) سبحان الله (ثلاثا وثلاثين)

Subhanal-lah (33 ulit)
Kaluwalhatian sa Allah.

(١٧) الحمد لله ( ثلاثا وثلاثين)

Alhamdu lillah.
Ang ang lahat ng Papuri ay para sa Allah lamang.

(١٨) الله أكبر ( أربعا وثلاثين)

Allaho akbar (43 ulit)
Ang Allah ay Dakila.
Ang mga Dhikr Pagkatapos Magpulong-pulong, ito ay bilang kapatawaran ng anumang

kasalan nabuo mula dito.

(١٩) سبحنك اللهم وبحمدك، أشهد أن لا إله إلا أنت أستغفرك و أتوب إليك.

Subhanakal-lahumma wabihamdik, ashhadu a`La ilaha illa ant, astagfiruka wa-atoobu ilayka.
Kaluwalhatian sa Allah at ang Papuri ay sumasa Iyo O Allah, Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos maliban sa Iyo at ako ay humihiling ng kapatawaran mula sa Iyo.
Mga Dhikr sa pagpasok at paglabas mula sa Silidpalikuran.
Bago Pumasok:

(٢٠) (بسم الله) اللهم إني أعوذ بك من الخبث والخبائث.

(Bismil-lah) allahumma innee aU`oothu bika minal-khubthi waql-khaba-ith.
Sa ngalan Ng Allah, Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa masasamang espirito ng mga

babae at lalaki.
At paglabas:

(٢٠) غفرانك.

Ghufranak.
O Allah hangad ko ang Iyong kapatawaran.
Pagkatapos magsagawa ng paghuhugas para sa pagsasagawa ng pagdarasal:

(٢٢) أشهد أن لا اله إلا الله وحده لا شريك له وأشهد أن محمدا عبده ورسوله.

Ashhadu a`la ilaha illal-lah wahdahu la shareeka lah, wa-ashhadu anna Muhammadan A`abduhu warasuluh.
Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos maliban sa Allah na nagi-isa at walang katambal. At ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang alipin at sugo.

(٢٣) اللهم اجعلني من التوابين واجعلني من المتطهرين.

Allahummaj-alni minat-tawwabeen waj-alnee minal-mutatahhhireen.
O Allah, ituring Mo ako na kasama sa mga taong nanunumbalik sa Iyo, at kasama ako sa mga taong mga malinis.
Ang Panalanging Pagdarasal –Istiharah-
Ulat mula kay Jaber Bin Abdullah: Ang Sugo ng Allah s.a.w. ay malimit ipayo sa amin na hilingin namin sa Allah ang kanyang payo sa lahat ng bagay ganon din malimit niyang ituro sa amin ang talata mula sa Banal na Qur-an. Kanyang sinabi: " Sa panahon isa sa inyo ang may mahalagang pangangailangan upang bigyan ito ng pasya, ay hayaan siyang magdarasal ng dalawang rakaah maliban sa itinakdang pagdarasal at pagkatapos banggitin ang :

(٢٤) اللهم إني أستخيرك بعلمك و أستقدرك بقدرتك ، و أسألك من فضلك العظيم ، فإنك

تقدر و لا أقدر، وتعلم ولا أعلم، و أنت علام الغيوب،
اللهم إن كنت تعلم أن هذا الأمر خير لي في ديني
ومعاشي وعاقبة أمري ، فاقدره لي و يسره لي ثم
بارك لي فيه ، و إن كنت تعلم أن هذا الأمر شر لي
في ديني و معاشي و عاقبة أمري ، فاصرفه عني
واصرفني عنه و اقدر لي الخير حيث كان ثم ا
رضني به.

Allahumma innee astahkeeruka biI`ilmik, wa-astaqdiruka biqudratika, wa-as-aluka min fadhlikal-A`atheem, fa-innaka taqdiru wala aqdir, wtaA`alamu wala aA`lam , wa-anta A`allamul ghuyoob, allahumma in kunta taA`alamu anna hathal-amr (Banggitin mo ang iyong kailangan) khairun lee fee deenee wamaA`ashee waA`aqibati amree faqdurhu lee, wayassirhu lee, thumma bariklee feeh, wa-in kunta taA`Alamu anna hatahal-amr, sharrun

lee fee deenee wamaA`ashee wa-A`aqibati amree fasrifhu A`annee wasrifnee A`anh, waqdur liyal-khaira haythu kan, thumma ardhinee bih.
O Allah, hinihiling ko ang Inyong payo sa pamamagitan ng Iyong kaalaman at sa pamamagitan ng Inyong kapangyarihan ay hinahangad ko ang lakas at hinihingi ko mula sa Inyong walang hanggang kagandahang-loob dahil katotohanan Ikaw ang may kakayahan at ako ay walang kakayahan, Ikaw ang lubos na nakakaalam sa mga bagay na nakalingid. O Allah, kung alam Mo  na ang bagay na ito ay (banggitin mo ang bagay na iyon na iyong hinahangad) makakabuti sa akin ayon sa kaugnayan nito sa aking relihiyon, buhay at katapusan, ay ipagkaloob Mo sa akin sa lalong madaling panahon, at pagpalain ako. At kung ang nasa Iyong kaalaman ay hindi makakabuti sa akin ang aking hangaring at sa aking relihiyon, buhay at katapusan ay ilayo Mo sa

akin at ilayo Mo ako sa kanya at ang ipagkaloob Mo sa akin ay ang kabutihan at makamit ang anomang kasiyahang maipagkaloob nito.

Mga Dhikr pagkatapos magsagawa ng Pagdarasal

(٢٥) استغفر الله (ثلاثا)

Astaghfirul-lah ....(3ulit)

Hangad ko ang Iyong kapatawaran.

(٢٦) اللهم أنت السلام ، ومنك السلام ، تباركت

يا ذا الجلال و الإكرام.

Allahumma antas-salaam waminkas-salaam, tabarakta ya thal-jalali wal-ikraam.

O Allah, Ikaw ang Kapayapaan, at sa Iyo nagmula ang kapayapaan, Maluwalhati at Kataastaasan.

(٢٧) لا إله إلا الله وحده لا شريك له ، له الملك

وله الحمد ، وهو على كل شيء قدير.

La ilaha illal-lahu wahdahu la shareeka lah, lahul-mulku walahul-hamd, wahuwa A`ala kulli shayin qadeer.

Walang ibang diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah, Siya ay nag-iisa at walang katambal, Siya ang Hari at sa Kanya ang lahat ng papuri, at Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay.

(٢٨) لا حول ولا قوة إلا بالله.

La hawla wala quwwata illa billah.

Walang lakas at kapangyarihan maliban magmula sa kanya.

(٢٩) لا اله إلا الله ، ولا نعبد إلا إياه له النعمة وله الفضل وله الثناء الحسن.

La ilaha illal-lah wala naA`abudu illa iyyah, lahun niI`imatu walahul-fadhl walahuth-thana-ul hasan.

Walang ibang diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah, wala kaming sinasamba

maliban sa Kanya, sa Kanya nagmula ang lahat ng biyaya at kataas-taasan, kapurian at kabutihan.

(٣٠) لا إله إلا الله مخلصين له الدين و لو كره الكافرون.

La ilaha illal-lah mukhliseena lahud-deen walaw karaihal-kafiroon.
Walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya at taus-puso ang aming pananampalataya sa Kanya, bagamat kinamumuhian ng di mananampalataya.

(٣١) اللهم لا مانع لما أعطيت ، و لا معطي لما منعت، و لا ينفع ذا الجد منك الجد.

'allahumma la maiI`a lima aA`tyat, wala muU`tiya lima manaA`t, wala yanfauU`u thal-jaddi minkal-jad.
O Allah, walang makakapigil sa Iyong ipagkakaloob at walang makakapagbigay sa Iyong ipagkait at hindi makakapagsilbi laban

sa Iyo ang lakas ng sinumang may lakas.

(٣٢) سبحان الله ، و الحمد لله ، و الله أكبر .(ثلاثا وثلاثين)

'Subhanal-lah, Alhamdu lillah, Allahu Akbar.' Kaluwalhatian sa Allah, Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah, Ang Allah ay Dakila.

(٣٣) " آية الكرسي"

Allahu la ilaha illa huwa alhayyu alqayyoomu la ta`khuthuhu sinatun wala nawm lahu ma fissamawati wama fi al-ard man tha allathee yasfaU`u I`indahu illa bi-ithnih yaA`lamu ma bayna aydeehim wama khalfahum wala yuheetona bishay-in min I`ilmihi illa bima shaa` wasiA`a kursiyyuhu assamawati wal-ard wala yaooduhu hifthuhuma wahuwa alA`aliyyu alA`atheem.

Basahin ang pagsalin mula sa kahulugan ng talatang ito sa # 2:255

(٣٤) {قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ...} (١) سورة الإخلاص

{Qul huwa Allahu ahad, allahu assamad, lam yalid, wa lam yulad, wa lam yakun lahu kufuan ahad.} [ Al-Ihlas 112]

(٣٥) {قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ ...} (١) سورة الفلق

{Qul aU`oothu birabbi alfalaq, min shari ma khalaque, wa min shari ghasiqin itha waqab, wa min shari anna fathathi fil U`uqad, wa min shari hasidin itha hasad.} [ Al-falaq 113]

(٣٦) { قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ...} (١) سورة الناس

{Qul aU`oothu birabbinnas, malikinnas, ilahinnas, min shari al waswasilkhannas, alathi yu waswisu fi sudoorinnasss, minajinnati wannass.} [ An-nas 114]

Basahin ang pagsalin mula sa kahulugan ng mga talatang ito sa # 112- 113- 114

Pumili sa mga Islamic Websites sa sumusunod